Balangkas ng Mga Panaghoy

William MacDonald

Salin sa Tagalog ng “Outline of Lamentations”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Balangkas ng Mga Panaghoy

I. Ang matinding pagkawasak ng Jerusalem (1:1-11).

II. Ang malungkot na daing, pagtatapat at panalangin ng bayan (1:12-22).

A. Daing (vv. 12-17).

B. Pagtatapat (vv. 18, 19).

C. Panalangin (vv. 20-22).

III. Ang Panginoon bilang Siyang nagparusa sa Jerusalem (2:1-22).

A. Ang mga bunga ng poot ng Diyos (vv. 1-13).

B. Ang sanhi ng poot ng Diyos - ang kabiguan ng mga bulaang propeta na balaan ang bayan (v. 14).

C. Ang panlilibak ng mga nakamasid (vv. 15, 16).

D. Ang katuparan ng mga babala ng Diyos (v. 17).

E. Ang panawagan sa pagsisisi (vv. 18, 19).

F. Ang panalangin para sa awa ng Diyos (vv. 20-22).

IV. Ipinahayag ng propeta ang dalamhati at pagtatapat ng nalabi (Kabanata 3).

A. Ang mga hatol ng Diyos (vv. 1-18).

B. Ang mga kaawaan ng Panginoon (vv. 19-39).

C. Ang pagtatapat ng bayan (vv. 40-47).

D. Ang dalamhati ni Jeremias dahil sa Jerusalem (vv. 48-51).

E. Ang panalangin ng propeta na iligtas siya sa kanyang mga kaaway (vv. 52-66).

V. Pinaghambing ang nakaraan at kasalukuyan ng Juda (4:1-20).

VI. Ang pag-asa sa hinaharap - wawasakin ang Edom at ibabalik ang Juda (4:21, 22).

VII. Nakiusap ang nalabi sa Diyos para sa awa at pagbabalik (Kabanata 5).

Mga Panaghoy

Ang pagbagsak ng Jerusalem ay panahon ng matinding paghihirap at dalamhati. Ang nakatatakot na sakunang ito ang nagbunga ng aklat ng Mga Panaghoy (Lamentations) - isang serye ng lumuluhang pagtaghoy sa pagkawasak ng lungsod, na hinugot mula sa puso ng propetang si Jeremias.

Ang aklat na ito ay parang karugtong ng mga hula ni Jeremias. Inilalarawan nito ang malalim na pagdadalamhati ng propeta sa pagkawasak ng Jerusalem at ng templo. Sa halip na matuwa dahil natupad ang kanyang mga hula, umiyak siya nang kapait-pait dahil sa mga paghihirap ng kanyang bayan.

Bukod sa pagiging mga salita ni Jeremias, maaari ring ituring ang aklat na nagpapahayag ng:

1. Ang dalamhati ng nalabing mga Judio, na si Jeremias ang tagapagsalita, habang nasasaksihan nila ang paglusob ng Babilonia.

2. Ang matinding hirap ng Mesiyas nang Siya ay dumating upang magdusa, magbuhos ng dugo at mamatay sa krus ng Kalbaryo (tingnan halimbawa ang 1:12).

3. Ang dalamhati ng nalabing mga Judio sa isang araw sa hinaharap kapag sila ay daraan sa Malaking Kapighatian, ang panahon ng kabagabagan ni Jacob.

Ang mga kabanata 1, 2, at 4 ay mga akrostiko. Bawat kabanata ay may dalawampu't dalawang talata, na nakaayos ayon sa mga titik ng alpabetong Hebreo. Ang kabanata 3 ay akrostiko rin; pero ito ay may animnapu't

anim na talata, at bawat ikatlong talata ay nakaayos ayon sa pagkakasunod ng alpabetong Hebreo. Ang kabanata 5 ay may dalawampu't dalawang talata, pero hindi ito akrostiko.

Kabanata 1

Dito natin nakikita ang lubos na pagkawasak ng Jerusalem. Siya ay nag-iisa, pinabayaan ng kanyang mga diyus-diyosan, at pinagtaksilan ng kanyang mga kakampi (vv. 1, 2). Ang bayan ay nabihag dahil sa kanilang kasalanan, at wala nang mga manlalakbay na pumupunta upang sumamba sa Zion (vv. 3-9). Ang mahahalagang kasangkapan ng templo ay kinuha ng mga taga-Babilonia (v. 10), at ang bayan ay nagdurusa sa taggutom (v. 11). Ang mga talata 12-22 ay ang panaghoy ng bayang Judio, ang kanilang pagtatapat ng kasalanan (vv. 18, 19), at ang kanilang panalangin para sa awa at para sa pagkawasak ng kanilang mga kaaway (vv. 20-22).

Kabanata 2

Inilalarawan ng mga talatang ito ang ginawa ng Diyos sa Juda - winasak ang templo (tuntungan ng paa) (v. 1), nilamon ang mga lungsod (v. 2), tumangging pigilan ang kaaway (v. 3), itinuring ang templo na parang isang kubol lamang, pinatigil ang sistema ng paghahandog, at isinantabi kapwa ang hari at ang mga saserdote (v. 6). Nanghihina sa gutom ang mga bata sa mga lansangan; sila ay nabubuwal at namamatay (vv. 11, 12). Ang kapahamakan ng bayan ay higit pa sa anumang maiisip ng propeta na maipang-aaliw sa kanila (v. 13). Kinakain ng mga ina ang sarili nilang mga anak dahil sa taggutom (v. 20).

Kabanata 3

Dito ay nagsasalita ang propeta para sa bayan, ang natatanging tudlaan ng poot ng Diyos (vv. 1-18). Ang Kanyang awa ang tangi nilang pag-asa (vv. 19-33). May karapatan Siyang parusahan ang mga tao dahil sa kanilang mga kasalanan (vv. 34-39). Pagkatapos ay may panawagan sa pagtatapat at pagsisisi at isang pagtitiwala ng kanilang usapin sa Panginoon, na hinihiling sa Kanya na parusahan ang kanilang mga kaaway (vv. 40-66).

Kabanata 4

Inihahambing ng propeta ang dating kaluwalhatian at ang kasalukuyang kaawa-awang kalagayan ng Jerusalem. Wasak ang templo, iniiwan ng mga ina ang kanilang mga anak (vv. 3, 4), namamatay sa gutom ang mga tao (v. 5), matagal ang paghihirap (v. 6), hindi na makilala ang mga prinsipe (vv. 7, 8), laganap ang pagkain ng tao sa kapwa tao (v. 10), at bumagsak ang lungsod na inakalang hindi magagapi (v. 12). Ang lahat ng ito ay dulot ng mga kasalanan ng mga propeta, ng mga saserdote, at ng bayan (vv. 13-16). Umasa sila nang walang kabuluhan sa Egipto para sa tulong (v. 17). Biglang kinubkob sila ng mga taga-Babilonia (vv. 18, 19), at nabihag si Haring Zedekias (ang pinahiran ng Panginoon) (v. 20). Nagalak ang Edom sa pagbagsak ng Jerusalem, pero siya ay parurusahan nang mabigat, at ang Zion ay ibabalik (vv. 21, 22).

Kabanata 5

Sa mga talata 1-18, tinataghoy ng bayan ang matitinding kalagayang dumating sa kanila - ang mataas na halaga ng mga pangangailangan (v. 4), ang sapilitang paggawa

(v. 5), ang pang-aapi (v. 8), ang taggutom at panganib (vv. 9, 10), ang mga kalupitan (vv. 11, 12), at iba pa. Pagkatapos, sa mga talata 19-22, bumaling ang bayan sa Panginoon at nakiusap para sa awa.

Kawili-wiling mapansin na sa Bibliang Hebreo, inuulit ang talata 21 pagkatapos ng talata 22 sa maliliit na titik, tila upang ang aklat ay magtapos sa himig ng pag-asa sa halip na kalungkutan.